Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Cordillera Administrative Region
Schools Division Office
Lagawe, Ifugao, 3600

MESSAGE

Maphod an algo ke ditakun am-in!

Minsan muli, ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Katutubong Edukasyon ngayong Oktubre na ang Tema ay: "Katutubong Pamayanan Paigtingin: Pundasyon ng Katutubong Edukasyon."

Ang temang ito ay nababagay dahil tulad ng palaging sinasabi, " *ang gating kultura a unti-unting naglalaho at namamatay dahil sa modernisasyon*". Halimbawa na lang ang ating tanyag na rice terraces na libu-libong taon ang edad nguni't unti-unti ding pinapasukan ng modernisasyon. Ito ang dahilan kung bakit may mga ahensiya na tinalaga para panatilihin ang ating magandang terraces.

Ako'y naniniwala na napapanahon na upang ang DepEd ay gumawa ng mga nararapat na hakbang para maisulong at panatilihin ang ating natatanging minanang kultura at ito ay ayon sa ating Pambansang Konstitusiyon (1987) na iniuutos na ang Estado ay *"protektahan ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa dekalidad na edukasyon sa lahat ng antas at gagawa ng nararapat na hakbang upang maiparating ang edukasyon sa lahat."* Ayon din sa parehong Konstitusiyon, ang Estado ay may obligasyon na paigtingin ang katutubong edukasyon at kilalanin, gagalangin, at protektahan ang karapatan ng mga katutubo upang mapanatili at mapayaman ang kanilang kultura, tradisyon at institusyon.

Ang pagdiwang ng Buwan ng Katutubong Edukasyon ay magandang paraan ng pagpapayaman nito sa maraming kadahilanan. Isa sa mga ito ay ang pagpapakita ng ating katutubong kakayahan at kaugalian. Ito rin ang natatanging okasyon na tayo'y napag-iisa at pinagdiriwang ang ating pagiging katutubo dahil ito an gating minana at kinagisnan na pagkakilanlan.

Hinihikayat ko ang bawa't isa na suportahan ang Katutubong Edukasyon ng Ifugao. Ito ang programa upang ang nararapat na edukasyon ng mga mag-aaral ay maiparating. Pinaparating ko ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng nakipag-isa at nakilahok sa programang ito.

Haggiyo IPED! Haggiyo DepED! Haggiyo Ifugao!

BENEDICTA B. GAMATERO
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent